Senior High School

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Modelong Banghay-Aralin sa Mabisang Komunikasyon

Kuwarter

1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Modelong Banghay-Aralin sa Mabisang Komunikasyon
Kuwarter: 1 : Bilang ng Araw: 2

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng *Strengthened Senior High School Curriculum*. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyales ang karapatang-aring iyon.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Banghay-Aralin**

**Manunulat:** Gloria C. Sabanal
Rehiyon XI-Sangay ng Davao Oriental
Jennifer V. Marangi
R4A- Sangay ng Rizal
**Tagasuri ng Nilalaman:** Rosemarie Guitang
Dr. Jayson D. Petras
**Tagasuri ng Wika:** Dr. Jayson D. Petras
**Consultant:** Dr. Jayson D. Petras
**Learning Area Specialist:** Jefferson V. Torres

Bureau of Learning Delivery
Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Resources


Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa katanungan o puna, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph

| MODELONG BANGHAY-ARALIN NG YUNIT | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Mabisang Komunikasyon | **Baitang:** | 11 |
| **Semestre:** | Una | **Kuwarter:** | Una |
| **Manunulat:** | Gloria C. Sabanal-RXI-Davao Oriental<br>Jennifer V. Marangi-R4A-Rizal | | |

| **I. LAYUNIN *(Pagtukoy sa mga Layunin)*** | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang mabisang komunikasyon sa personal at interpersonal na konteksto sa anyong pasalita, pasulat, at multimodal; nauunawaan nilang ang mga padron ng interaksyon ay naiaangkop at kolaboratibo; at ang pagkakaroon ng tiwala, emosyonal na pagtugon, at pag-unawa sa konteksto ay nagpapalalim ng makakabuluhang ugnayan at pakikipagpalagayang-loob sa malalim na pag-unawa sa pinanggagalingan ng kausap. |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nagagampanan ng mga mag-aaral ang mga tiyak na papel sa mga kontrolado at di-kontroladong personal at interpersonal na sitwasyong komunikatibo; nakalalahok sa komunikasyong intrapersonal,gaya ng pagtatakda ng layunin, pagninilay, at pagsusulat sa talaarawan; nakikibahagi sa malalalim na talakayan tungkol sa mga personal at interpersonal na paksa; nakapagbibigay ng maiikli at mahahabang tugon sa mga tanong kaugnay sa nilalaman at layunin ng usapan at korespondensiya; at nakabubuo ng iba't ibang anyo ng personal at interpersonal na korespondensiya tulad ng liham, *email*, *text message* o *chat*, at *post* sa *social media.* |
| **Mga Kasanayang Pampagkatuto** | Natutukoy kung paano ginagamit nang may layunin ang wika at tono sa pagtalakay ng iba't ibang personal at interpersonal na paksa.<br><br>Nakagagamit ng angkop na wika, tono, at estruktura ayon sa awdiyens, layon at konteksto sa pagtalakay ng iba't ibang personal at interpersonal na paksa.<br><br>Nakagagamit ng angkop na di-berbal na mga estratehiya upang mapahusay ang kalidad ng komunikasyong personal at interpersonal. |
| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** *(Pagpili ng mga Materyal)* | **Mga Aklat**<br>*Pinagyamang Pluma: Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino.* Rex Book Store, pp. 10–11, 180–182.<br>*Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino.* Vibal Group, pp. 2–14, 114–116. |

| | |
|---|---|
| | Maranan, Mario H., Joel Anthony Daguio Duque, at Sheryl Aina P. Pattaguan. *Kontekstuwalisadong Komunikasyon sa Filipino Alinsunod sa CMO 57, Serye ng 2017 at Silabus ng Bagong Asignaturang Filipino sa Kolehiyo na Inihanda ng Tanggol Wika.* 2020, pp. 1, 6, 49.<br>**Websites**<br>“Komunikasyon.” *Mga Araling Filipino*, https://mgaaralingfilipino.wixsite.com/akademikongfilipino/post/komunikasyon. Accessed 5 June 2025.<br>Manuyag, Eldrian Louie B. “Uri ng Komunikasyon Ayon sa Kausap.” *Scribd*, https://www.scribd.com/presentation/539963527/Uri-ng-Komunikasyon-Ayon-sa-Kausap-Eldrian-Louie-B-Manuyag. Accessed 5 June 2025.<br>“Larawan ng Tao sa Iba’t Ibang Sitwasyong Sosyal.” *Google Search*, https://www.google.com/search?sca_esv=503182be980b3154&rlz=1C1GCEA_enPH1117PH1117&q=larawan+ng+tao+sa+iba%E2%80%99t+ibang+sitwasyong+sosyal+(hal.+dalawang+taong+nag-. Accessed 5 June 2025.<br>**YouTube Videos**<br>“Komunikasyon.” *YouTube*, uploaded by Teacher Aiza, https://www.youtube.com/watch?v=D7QxbIiWVbc. Accessed 5 June 2025.<br>“Verbal at Di-verbal na Komunikasyon.” *YouTube*, uploaded by Pinoy Knowledge, https://www.youtube.com/watch?v=nY1WkzRjh2I. Accessed 5 June 2025.<br>“Mga Uri ng Komunikasyon.” *YouTube*, uploaded by Guro Ako PH, https://www.youtube.com/watch?v=sgqn1KA1tQU. Accessed 5 June 2025.<br>**"Kayo lang ang Meron Ako"** *YouTube*, *in-upload* https://www.youtube.com/watch?v=u3614rccaJ0. accessed 6 June 2025.<br>**Works Cited:**<br>Enriquez, Althea. "Ang Pambansang Wika mula sa Multilinggwal na Perspektiba." *YouTube*, in-upload ni Dr. Althea Enriquez, 6 Hunyo 2025, https://youtu.be/OsucgIjtTms.<br>Enriquez, Ma. Althea T. "Ang Pambansang Wika mula sa Multilinggwal na Perspektiba." *YouTube*, in-upload ni Dr. Althea Enriquez, 6 Hunyo 2025, https://youtu.be/OsucgIjtTms.(kal.upd.edu.ph) |
| | |
| **III. NILALAMAN**<br>*(Pagsasaayos ng Nilalaman)* | **(KP1) - BATAYANG KAALAMAN SA WIKA:**<br>• Kahulugan at kahalagahan ng wika<br>• Kalikasan ng Wika<br><br>**(KP 2) - ANTAS NG KOMUNIKASYON**<br>• Intrapersonal/Personal |

| | |
|---|---|
| | • Interpersonal<br>• Komunikasyong Pampubliko<br>• Komunikasyong Pangmasa<br><br>**(KP 3) - URI NG KOMUNIKASYON**<br>• Berbal<br>• Di-Berbal<br><br>**MGA KONSIDERASYON SA MABISANG KOMUNIKASYON (Dell Hymes)** |
| **IV. TUNGUHIN**<br>*(Pagtatakda ng Malinaw na Tunguhin at Pagsusuri ng mga Gawain)* | **Natutukoy kung paano ginagamit nang may layunin ang wika at tono sa pagtalakay ng iba't ibang personal at interpersonal na paksa.**<br>a. Nakikilala ang kahulugan, kahalagahan at kalikasan ng wika;<br>b. Naiisa-isa ang kahalagahan ng wika sa pagkakaroon ng mahusay na komunikasyon sa kapwa; at<br>c. Napapahalagahan ang wika sa pamamagitan ng tamang paggamit nang may layunin ang wika at tono.<br><br>**Nakagagamit ng angkop na wika, tono, at estruktura ayon sa awdiyens, layon, at konteksto sa pagtalakay ng iba't ibang personal at interpersonal na paksa.**<br>a. Natutukoy ang iba't ibang antas ng komunikasyon;<br>b. Nailalahad ang mga dapat isaalang-alang sa epektibong komunikasyon; at<br>c. Napipili ang angkop na mga salita at paraan ng paggamit nito sa mga usapan, talakayan, batay sa antas ng komunikasyon.<br><br>**Nakagagamit ng angkop na di-berbal na mga estratehiya upang mapahusay ang kalidad ng komunikasyong personal at Interpersonal.**<br>a. Natutukoy ang iba't ibang uri ng di-berbal na komunikasyon (kinesika, ekspresyon ng mukha, kumpas, proxemics, eye contact, atbp.) at ang gamit ng mga ito sa personal at interpersonal na konteksto;<br>b. Nasusuri ang epekto ng di-angkop na di-berbal na kilos o ekspresyon sa pag-unawa ng mensahe sa isang personal o interpersonal na interaksyon; at<br>c. Naipapamalas ang kasanayan sa mabisang/epektibong komunikasyon sa pagpapahayag ng damdamin at saloobin. |


| **I. PAMAMARAAN** | | **MGA TALA SA GURO**<br>*(Panuto sa guro sa kung paano isasakatuparan ang mga gawain* |
|---|---|---|
| **Natutukoy kung paano ginagamit nang may layunin ang wika at tono sa pagtalakay ng iba't ibang personal at interpersonal na paksa.**<br>a.Nakikilala ang kahulugan, kahalagahan at kalikasan ng wika;<br>b.Naiisa-isa ang kahalagahan ng wika sa pagkakaroon ng mahusay na komunikasyon sa kapwa; at<br>c.Napapahalagahan ang wika sa pamamagitan ng tamang paggamit nang may layunin ang wika at tono. | | |
| **A. Aktuwalisasyon ng Dating Kaalaman** | 1. Paghango sa Dating Kaalaman<br><br>***Opsiyon1: Wika ko, buhay ko***<br><br>Pagsasagawa: Tingnang mabuti ang larawan at sagutin ang mga tanong sa ibaba.<br><br><br><br>*Guhit ni: Arvin Herald M. Barrega*<br><br>**Pamprosesong Tanong:**<br>a. Ano ang nakikita mo sa larawan?<br>b. Ibigay ang iyong saloobin batay sa larawan.<br>c. Paano nakatulong ang wika upang maipahayag mo ang iyong saloobin? | Maaring pumili ng isang gawain sa dalawang opsiyon.<br>**Mungkahing Sitwasyong Pangkomunikasyon:**<br>Pagpapahayag ng saloobin o nararamdaman<br>nang may pagsasaalang-alang sa damdamin ng iba<br><br>Para sa *Opsiyon1: Wika ko, buhay ko*<br>Magpapakita ang guro ng larawan at magbabahagi ang mga mag-aaral ng kani-kaniyang saloobin ukol dito.<br><br>Sa unang opsiyon, ang dating kaalaman ng mag-aaral ay hahanguin sa pamamagitan ng *Picture Analysis*. Ito ay mas makagigising sa interes ng mga mag-aaral upang mahango ang kanilang dating kaalaman at ito ay gagabayan din ng guro gamit ang mga pamprosesong tanong.<br><br>*Para sa Opsiyon 2: Puso at Pananaw*<br>**Napapahalagahan ang wika sa pamamagitan ng tamang** |

| | | |
|---|---|---|
| | ***Opsiyon 2: Puso at Pananaw***<br>**Panuto:** Basahin at unawain ang diyalogo at sagutin ang mga tanong sa ibaba.<br><br>**Pamprosesong Tanong:**<br>a.Sa palagay mo, bago humingi ng tawad ang anak, ano kaya ang mga saloobin o pagninilay na pinagdaanan niya?<br>b.Anong uri ng komunikasyon ang ginamit ng anak sa pakikipag-usap sa kanyang ina? Bakit mo ito nasabi?<br>c.Paano mo masasabi na ito ay isang personal na komunikasyon? Ano ang mga katangian nito?<br><br>2. Paglalahad ng Layunin<br><br>***Opsiyon 1: Wika Ko, Mahalaga***<br>***Panuto:*** Basahin at unawaing mabuti ang artikulo tungkol sa papel ng wika sa lipunan.<br><br>Wikang Filipino ang tanikalang nag-uugnay sa mga tao sa mahigit na pitong libong isla sa Piliponas. Kinakatawan snito ang kultura at kabihasnan na minana natin sa mga ninuno at patuloy nating isasalin saa ting mga anak at sa mga susunod pang salinlahi. Ito ang wikang magiging kakampi natin sa ating mga pakikibaka sa usapin ng istandardusasyon at internalisasyon. Kung lilingunin ang kasaysayan, masasabi na hindi nagging madali ang mga pinagdaanan ng wikang Filipno upang kakamtan ang rekognisyon ng pang-internasyunal na komunidad at maging sa ating mga kapwa Filipino.<br><br>***Pamprosesong Tanong:***<br>*a.Ano ang wika?*<br>*b.Bakit ito mahalaga sa ating pagkatao at kultura?*<br>*c. Paano nagkakaiba ang wika sa komunikasyon?* | **paggamit nang may layunin ang wika at tono.**<br>***Pagsasagawa:*** Ipabasa o iparinig sa mga mag-aaral ang isang diyalogo gaya ng; (hal. paghingi ng tawad, pag-aalok ng tulong, o pagsaway sa maling gawain).Pagkatapos, sumulat ng isang diyalogo na nagpapakita ng paggalang at pagmamalasakit sa kapuwa.<br>***Anak:*** *Inay, puwede po ba tayong mag-usap?*<br>***Ina:*** *Oo naman, anak. May problema ba?*<br>***Anak:*** *Gusto ko lang pong humingi ng tawad sa ginawa kong pagsagot-sagot sa inyo kagabi. Hindi ko po sinasadya, dala lang talaga ng pagod at inis ko sa school.*<br>***Ina:*** *Nasaktan ako sa sinabi mo, anak. Pero salamat at naisip mong humingi ng tawad.*<br>***Anak:*** *Naiintindihan ko po ngayon na hindi iyon tamang paraan ng pagharap sa problema. Pasensya na po talaga, Nay. Hindi ko na po uulitin.*<br>***Ina:*** *Mahalaga sa akin na natututo kang humingi ng tawad at maging responsable sa iyong kilos. Pinapatawad kita, anak. Nandito lang ako palagi para sa'yo.*<br>***Anak:*** *Salamat po, Inay. Mahal na mahal ko po kayo.*<br>Sa ikalawang opsiyon, gagamit |

| | | |
|---|---|---|
| | ***Opsiyon 2: Sa Puso't Isip***<br><br>***Gawain ng mga Mag-aaral:***Pumili ng sitwasyon at gumawa ng maikling diyalogo na magpapakita ng pagiging mahinahon at magalang sa pagpapahayag ng saloobin. | ng *Guided Dialogue Analysis.* Ang dayalogo ay maaari rin palitan batay sa kakayahan ng mag-aaral o sa kagustuhan ng guro.<br><br>Layunin ng estratehiyang ito na linangin ang berbal at emosyonal na kasanayang pangkomunikasyon.<br><br>*Para sa Opsiyon 1: Wika Ko, Mahalaga*<br>***Pagsasagawa:***Magpabasa ng isang maikling artikulo o talata tungkol sa papel ng wika sa lipunan. Pagkatapos, sagutin ang sumusunod na mga tanong:<br>*a.Ano ang wika?*<br>*b.Bakit ito mahalaga sa ating pagkatao at kultura?*<br>*c. Paano nagkakaiba ang wika sa komunikasyon?*<br>Napapahalagahan ang wika sa pamamagitan ng tamang paggamit nang may layunin ang wika at tono.<br><br>*Para sa Opsiyon 2: Sa Puso't Isip*<br>***(Role-play)***<br>***Pagsasagawa:*** Pumili ng sitwasyon (hal. paghingi ng tawad, pakikipagkaibigan, pag-amin ng pagkakamali) at ipagawa sa mga mag-aaral ang role-play kung saan maipapakita ang mahinahon at magalang na pagpapahayag |

| | | |
|---|---|---|
| | | ng saloobin.<br><br>Sa paglalahad ng layunin, sa unang opsiyon, ang estratehiya ay tinatawag na *Text-Based Discussion Strategy* . Ito ay magsisimula sa pagpapabasa ng artikulo kasunod ang pagsagot sa mga katanungan. Layunin nito na palalimin ang pag-unawa sa konsepto ng wika, at linangin ang kritikal na pag-iisip ng mag-aaral.<br>Ang ***"Sa Puso't Isip"***<br><br>Ito ay isang interaktibong estratehiya, kung saan ang mga mag-aaral ay may tiyak na bahagi, para maunawaan ang layunin ng nasabing aralin. |
| **B. Integrasyon ng Bagong Kaalaman** | 1. Paglalahad ng Halimbawa<br><br>***Opsiyon 1: Halimbawa ng Wika sa Aking Buhay***<br><br>***Gawain ng mga Mag-aaral:*** Gumawa ng isang mind map o simpleng poster na nagpapakita ng halimbawa ng wika sa iba't ibang aspekto ng inyong buhay, maaaring karanasan sa tahanana, paaralan, simabhan, at media. Pagkatapos ipaliwanag kung bakit mahalaga ang ginamit na wika sa sitwasyon.<br><br>***Opsiyon 2:*** **Gaano Mo Ako Naiintindihan? (Pair Work)**<br>***Gawain ng mga Mag-aaral:*** Magpares at gumawa ng diyalogo ukol sa isang sitwasyon na nagpapahayag ng pagiging mahinahon at magalang. | *Para sa Opsiyon 1: Halimbawa ng Wika sa Aking Buhay*<br>***Pagsasagawa:***<br>a.Ipagawa sa mga mag-aaral ang isang mind map o poster na nagpapakita ng mga halimbawa ng paggamit ng wika sa iba't ibang aspekto ng kanilang buhay (tahanan, paaralan, simbahan, media, atbp.). b.Ipaliliwanag din kung bakit ito mahalaga sa bawat sitwasyon.<br><br>*Para sa Opsiyon 2: Gaano Mo Ako Naiintindihan?* |

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto<br><br>**BATAYANG KONSEPTO NG WIKA**<br>Kahulugan:<br>Ang wika ay isang kalipunan ng mga salita at ang pamamaraan ng pagsasama-sama ng mga ito para magkaunawaan o makipagkomyunikeyt ang isang grupo ng mga tao. (*Constantino & Zafra 200) .*<br><br>Kalikasan/Katangian ng wika(Gleason)<br>• Ang wika ay masistemang tunog.<br>*"Ang wika ay masistemang balangkas ng mga sinasalitang tunog na pinipili at isinasaayos sa paraang arbitraryo upang magamit ng mga taong kabilang sa isang kultura."*<br>Sa simpleng pagpapakahulugan, tinitingnan ni Gleason ang wika bilang isang sistematikong kasangkapan ng komunikasyon na hindi basta nagkataon lang, kundi isinasaayos ng mga tao sa lipunan upang mapalitan at maipasa ang kahulugan.<br>• Ang wika ay arbitraryo<br>Ang arbitraryo ay nagpapakita na ang wika ay hindi natural kundi panlipunang konstruksyon. Dahil dito, iba-iba ang anyo ng wika sa bawat grupo o bansa. Ang isang salita sa isang wika ay maaaring may ibang kahulugan o konotasyon sa ibang wika.<br>• Ginagamit ang wika ng pangkat ng mga taong may iisang kultura.<br>Ang paggamit ng wika ay hindi lamang para makipag-usap, kundi upang maisalin ang karanasan, paniniwala, tradisyon, at pagpapahalaga ng isang lipunan. Ang bawat wika ay may kakayahang bumuo at magpanatili ng kultura.<br>Ipinapakita nito na ang wika ay hindi lamang kasangkapan, kundi espasyo kung saan namumuhay ang kultura. Sa bawat paggamit ng wika, naipapahayag natin kung sino tayo bilang isang lipunan.<br>**Iba Pang kaalaman Hinggil sa wika:**<br>• Diyalekto, Bernakular<br>-Ang diyalekto ay isang varayti ng wika na ginagamit sa isang tiyak na | **Napapahalagahan ang wika sa pamamagitan ng tamang paggamit nang may layunin ang wika at tono**.<br>***Pagsasagawa:*** Sa pares, magsalitaan ang mga mag-aaral sa pagbibigay ng isang sensitibong sitwasyon (hal. “Nagkamali ako sa group project,” o “Nasaktan ako sa biro mo”) at ipapakita ng kapareha kung paano siya magpapahayag ng damdamin sa mahinahon at magalang na paraan. Maaari rin silang gumawa ng maikling dayalogo bilang halimbawa.<br><br>*Mind Mapping* (***Halimbawa ng Wika sa Aking Buhay,*** **Gaano Mo Ako Naiintindihan?** at *Think, Pair and Share* . Sa pamamagitan ng mga estratehiyang ito, unti-unting maipapasok ng guro ang bagong konsepto na dapat talakayin.<br><br>Sa pamamagitan ng *mind mapping* at *Think, Pair and Share,* ang isang pangunahing kaisipan ay maaaring suportahan ng maraming detalye o halimbawa na lumalawak mula sa gitnang paksa, kaya mas napapatingkad ang pag-unawa.<br><br>*Para sa Pagtalakay ng* |

| | | |
|---|---|---|
| | rehiyon, lalawigan, o pangkat ng tao.<br>-Ang bernakular ay tumutukoy sa wika o diyalektong ginagamit sa araw-araw na usapan ng mga tao sa isang partikular na lugar. Ito ang katutubong wika ng isang rehiyon na ginagamit sa tahanan, pamayanan, at sa pang-araw-araw na pakikipagtalas tasan.<br>• Bilingguwalismo at Multilingguwalismo<br>-Ang bilingguwalismo ay ang kakayahang gumamit ng dalawang wika nang may sapat na kasanayan, anupa't nagagamit ito sa iba't ibang sitwasyon — sa pakikipag-usap, pag-iisip, at pagsulat.<br>-Ang multilingguwalismo ay ang kakayahang gumamit ng tatlo o higit pang wika. Sa ganitong sistema, maraming wika ang nagkakaroon ng papel sa edukasyon, lipunan, at kultura.<br><br>***Opsiyon 1: Wika sa Aking Paningin***<br>***Gawain ng mga Mag-aaral:*** Panoorin ang video at pumili ng graphic organizer sa pagsulat ng mga natutuhan.<br><br>Guhit ni: Arvin Herald M. Borrega | *Batayang Konsepto ng Wika*<br>**Nakikilala ang kahulugan, kahalagahan at kalikasan ng wika.**<br><br>**Naiisa-isa ang kahalagahan ng wika sa pagkakaroon ng mahusay na komunikasyon sa kapwa**<br><br>(Maaaring ang guro ay magpapanood ng video lecture tungkol sa batayang konsepto sa wika.)<br><br>*Para sa Opsiyon 1: Wika sa Aking Paningin*<br>***Pagsasagawa:*** *Ipakita ang isang maikling video tungkol sa aralin.*<br>https://youtu.be/OsucgIjtTms?si=Dpwe8zCBWV_YhBKE<br><br>*Pagkatapos, bigyan ng graphic organizer ang mga mag-aaral upang isulat ang kanilang mga natutuhan batay sa sumusunod:*<br>• *Kahulugan ng wika*<br>• *Halimbawa ng gamit ng wika*<br>• *Bakit ito mahalaga sa komunikasyon at pagkakakilanlan ng tao?*<br><br>***Pagsasagawa:*** *Magpapakita ang guro ng larawan o sitwasyon, pagkatapos, magbahagi ang mga mag-aaral ng konseptong makikita sa* |

| | | |
|---|---|---|
| | ***Opsiyon 2: Ano ka nga ba Wika?***<br>***Gawain ng mga Mag-aaral:*** Sa inyong pangkat, pag-usapan niyo ang nabunot na set. Ipaliliwanag ng bawat pangkat kung bakit iyon ang inyong itinugmang kapareha — anong indikasyon sa tono, anyo ng wika, at damdamin ang kanilang ginamit na batayan.<br><br>3. Paglinang ng Kabihasaan<br><br>***Opsiyon 1: Komunikasyon Match-up***<br>***Pagsasagawa:***<br>Basahin at unawain ang teksto. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong na nakasulat sa ibaba.<br><br>Nagkalimpumpon ang kalse sa isang sulok ng silid-aralan habang pinanunood ang kumakalat na video scandal ng isang kamag-aral. Sa kabilang grupo, naman ay makikita ang grupo nina Henry, Stephen at Zeke na inaayusan ang mahabang buhok ng kanilang kabarkada na si Sebastain D.<br>May mga mag-aaral na abala rin sa paggawa ng kani-kanilang takdang-aralan sa ibang asignatura.<br>Ilang sandal pa, dumating na ang kanilang guro sa Filipino na mukhang handang-handa sa aralin sa araw na iyon. Manipestasyon nito ang sangkatauhan na gamit katulad laptop bag at LCD.<br>Napansin naman ng klase ang mukhang kamag-aral lamang nila na guro subalit ipinagpatuloy pa rin nila ang kani-kanilang ginagawa.sa halip na magbigay-galang sa kanilang dalubguro.<br>Nagpapansin ang dalubguro sa kaniyang mga mag-aaral subalit wala pa rin siyang natanggap na pagbati man lamang sa mga ito. Ang ingay ng klase ay biglang napalitan ng katahimikan matapos nilang marinig ang malakas na lagabag ng pinto matapos mag-walk out ang kanilang dalubguro. | *larawan.*<br><br>Sa pagtalakay sa bagong konsepto, gagamit ng sariling *Video Lecture (Opsiyon 1)* at *Picture Analysis* (Opsiyon 2). Ang mga mag-aaral ang tutuklas ng mga bagong konsepto at magpapaliwanag ng kanilang natutuhan.<br><br>*Game Based Strategy (“Komunikasyon Match-up”Pagsasagawa)*<br>Maghanda ng mga konsepto ukol sa wika (Maglalaro ang klase ng matching game kung saan itatapat ng mga mag-aaral ang tamang konsepto batay sa mga teksto na mababasa.<br><br>***Pagsasagawa:*** *Ipakita ang isang maikling video tungkol sa aralin.*<br>https://youtu.be/OsucgIjtTms?si=Dpwe8zCBWV_YhBKE<br><br>*Pagkatapos, bigyan ng graphic organizer ang mga mag-aaral upang isulat ang kanilang mga natutuhan batay sa sumusunod:*<br>• *Kahulugan ng wika*<br>• *Halimbawa ng gamit ng wika*<br>• *Bakit ito mahalaga sa komunikasyon at pagkakakilanlan ng tao?* |

| | | |
|---|---|---|
| | **Pamprosesong Tanong:**<br>1.Anong uri ng komunikasyon na nangibabaw sa sitwasyong binasa?<br>2.Kung ikaw ang guro, paano mo kukunin ang atensiyon ng mga mag-aaral?<br><br>***Opsiyon 2: Alin, Alin ang Kapareha?***<br>**Gawain ng mga Mag-aaral:** Pumili ng lobo at paputukin ito. Pagkatapos, talakayin sa inyong pangkat ang paksang napili niyo mula sa lobong pinapaputok. | https://youtu.be/OsucgIjtTms?si=Dpwe8zCBWV_YhBKE<br><br>*Group Dynamic Discussion*<br>*Papangkatin ng guro ang klase sa limang pangkat. Pagkatapos, bubunot ng isang paksa ang bawat pangkat at tatalakayin nila sa kanilang grupo. Matapos pag-usapan ng pangkat, kanila itong ibabahagi sa klase.*<br><br>*Para sa Opsiyon 2: Ano ka nga ba Wika?*<br>Panuto:<br>1.Hatiin ang klase sa maliliit na grupo (3–4 miyembro bawat isa).<br>2.Ibigay sa bawat grupo ang isang hanay ng mga pahayag o diyalogo (Set A) at hanay ng mga sitwasyon (Set B).<br>3.Ipagpares ng mga mag-aaral ang bawat pahayag sa naaangkop na sitwasyon batay sa wika at tono na ginamit.<br>4.Matapos ipares, ipaliwanag ng bawat grupo kung bakit iyon ang kanilang itinugmang kapareha — anong indikasyon sa tono, anyo ng wika, at damdamin ang kanilang ginamit na batayan.<br><br>Halimbawa ng Mga Pahayag (Set A):<br>• “Pasensya ka na, hindi ko sinasadya.”<br>• “Uy, tara! Kape tayo, |

| | | |
|---|---|---|
| | | kwento mo 'yan!"<br>Halimbawa ng Mga Sitwasyon (Set B):<br>• Humihingi ng tawad sa kaibigang nasaktan sa biro.<br>• Nag-aanyaya ng masinsinang kwentuhan.<br>• Nagtataka sa biglang pagbabago ng ugali ng kapwa.<br><br>*Para sa Opsiyon 2: Alin, Alin ang Kapareha?*<br>Pipili ang guro ng ilang mga mag-aaral na may hawak ng mga pamagat ng paksang tinalakay. Pagkatapos ay magpapakita ang guro ng lobo na may lamang mga papel sa loob na may nakasulat na konsepto na galing sa tinalakay na aralin. Pagputukin ng mag-aaral ng lobo at ano mang makukuha nilang paksa, 'yon ang tatalakayin nila sa kanilang pangkat. |
| **C. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan** | 1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon<br><br>***Opsiyon 1:* Wika Ko, Koneksiyon Ko**<br>**Pagsasagawa:** Sumulat ng sanaysay. (10–15 pangungusap) na tumutugon sa tanong:<br>*"Paano mo nagagamit ang wika upang mapabuti ang pakikitungo mo sa ibang tao — sa pamilya, paaralan, o komunidad?"*<br><br>**Rubrik sa Pagsulat ng Sanaysay** | *Para sa Opsiyon 1: Wika Ko, Koneksiyon Ko*<br>Maari ring magpsulat sa mga mag-aaral ng sariling karanasan kung saan: nakamit ang maayos na ugnayan sa pamamagitan ng wika at nalutas ang isang hindi pagkakaunawaan dahil sa mahusay na paggamit ng wika |

| Pamantayan | Deskripsyon | Puntos |
|---|---|---|
| **Paksa at Nilalaman** | Malinaw ang paksa at may sapat na kaalaman sa paksa. May saysay at lalim ang ideya. | |
| **Organisasyon** | Maayos ang pagkakasunod-sunod ng ideya (may simula, gitna, at wakas). | |
| **Gamit ng Wika** | Wasto ang paggamit ng gramatika, baybay, at bantas | |
| **Estilo at Pagkamalikhain** | Malikhain ang pagpapahayag at may orihinalidad ang mga ideya. | |
| **Kabuuang Presentasyon** | Maayos at malinis ang kabuuang sanaysay (ayon sa format, haba, at layunin). | |

**Puntos:**
18–20 – Napakahusay
15–17 – Mahusay
12–14 – Katamtaman
9–11 – Kailangang pagbutihin
0–8 – Hindi sapat


***Opsiyon 2:* Wika sa Larawan: Komunikasyong Buhay**
Panuto: Sumulat ng diyalogo batay sa halimbawa ng larawan.
Halimbawa ng larawan at puwedeng diyalogo:
Larawan: Magkaibigan na tila nagtatalo habang kumakain sa kantina.

*Para sa Opsiyon 2: Wika sa Larawan: Komunikasyong Buhay*
**Napapahalagahan ang wika sa pamamagitan ng tamang paggamit nang may layunin ang wika at tono.**

**Pagsasagawa:**
1.Ipapakita ng guro ang isang larawan (o ipapamahagi sa bawat grupo ang tig-isang larawan).
2.Bawat grupo o mag-aaral ay:
- Magbibigay ng konteksto ng larawan: Ano ang nangyayari? Sino-sino ang tauhan?
- Gagawa ng maikling dayalogo (3–5 linya) batay sa larawan, gamit ang angkop na wika at tono para sa sitwasyong ipinapakita.
- Gamitin ang tono ayon sa layunin ng usapan (hal. mapagkumbaba, galit, malumanay, masaya).
- Ipapaliwanag nila kung bakit ganoon ang tono at wikang ginamit.
- Maaaring ipag-arte o basahin ng grupo ang kanilang dayalogo bilang pagtatanghal.

*Para sa Opsiyon 1: Tatlong Bagay Na Natutuhan Ko*
Sa tulong ng isang concept web o *graphic organizer,*

| | | |
|---|---|---|
| | <br><br>Guhit ni :Arvin Herald M. Borrega<br><br>Diyalogo:<br>A: “Alam mo, hindi mo kailangang sabihing wala akong kwenta.”<br>B: “Pasensya ka na. Hindi ko sinasadya. Nadala lang ako ng inis.”<br>A: “Masakit pa rin. Sana nag-isip ka muna bago ka nagsalita.”<br>Layunin ng tono: Mapagpatawad pero matatag<br><br>2. Paglalahat<br><br>***Opsiyon 1: Tatlong Bagay Na Natutuhan Ko***<br><br>***Gawain ng mga Mag-aaral*** *Sa pamamagitan ng oral sharing o pagsusulat, sagutin ng mga mag-aaral ang:*<br>*a.Ano ang natutuhan ko tungkol sa wika?*<br>*b.Ano ang natutuhan ko tungkol sa komunikasyon?*<br>*c.Ano ang natutuhan ko tungkol sa pagpapahayag ng damdamin sa tama at magalang na paraan?*<br>***Opsiyon 2: Komunikasyon Concept Web***<br>***Gawain ng mga Mag-aaral:*** Sa *manila paper,* isulat sa *concept web* ang pamagat o buod ng larawan, tauhan, layunin, wikang ginamit, tono at pangunahing mensahe. | ilalahad ng mga mag-aaral ang lahat ng natutuhan nila sa wika.<br>***Pagsasagawa:*** Sa tulong ng isang concept web o graphic organizer, ilalahad ng mga mag-aaral ang iba’t ibang uri ng komunikasyon, katangian ng bawat isa, at halimbawa.<br><br>*Para sa Opsiyon 2: Komunikasyon Concept Web*<br>Panuto:<br>1.Ipakita o ipamahagi sa bawat grupo ang isang larawan.<br>2.Sa gitna ng *manila paper* o *concept diagram*, isulat ang pamagat o buod ng larawan (hal. “Paghingi ng Tawad sa Kaibigan”).<br>3.Mula sa gitna, bumuo ng *Concept Web* sa pamamagitan ng mga sumusunod na sanga:<br>• Tauhan – Sino ang mga nasa larawan? Ano ang relasyon nila?<br>• Layunin ng Usapan – Ano ang nais ipabatid? (hal. makiusap, magsabi ng damdamin, manghikayat)<br>• Wika – Anong uri ng mga salita ang dapat gamitin (pormal, impormal, emosyonal, mapanghikayat, atbp.)?<br>• Tono – Ano ang nararapat na tono ng pananalita? (malumanay, seryoso, magaan, masigla, atbp.) |

| | | |
|---|---|---|
| | <br><br><br>Guhit ni: Arvin Herald M. Borrega<br><br>3. Pagtataya<br>Panuto: Basahin at unawain ang mga tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot.<br>1. Bakit mahalagang isaalang-alang ang tono sa pakikipag-usap | Pangunahing Mensahe – Ano ang kabuuang mensaheng nais iparating?<br>➢ Sagutin ng grupo ang web diagram batay sa larawan at pag-uusap sa grupo.<br>• Ibahagi sa klase ang ginawa nilang *Concept Web*. Maaaring may kasamang maikling pagpapakita o pagbasa ng dayalogo.<br>• Ipagawa sa mga mag-aaral ang pagsasagawa ng panayam/*interview* sa isang miyembro ng pamilya tungkol sa kahalagahan ng wika sa kanilang buhay at trabaho. Ipapasa ang natutuhan sa anyong maikling ulat o presentasyon.<br><br>*Para sa Pagtataya*<br>***Susing Sagot:***<br>1.D<br>2.D<br>3.C<br>4.B<br>5.A<br><br>*Para sa Opsiyon 2: Wika: Salamin ng Pagkatao*<br>***Pagsasagawa:*** Pabubuoin *ng isang maikling dula o monologo (3–5 minuto) na magpapakita ng isang sitwasyong:*<br>• *Nagpapakita ng kahalagahan ng wika sa* |

| | | |
|---|---|---|
| | lalo na sa mga personal na usapan tulad ng paghingi ng tawad?<br>A. Upang maiwasan ang maling interpretasyon ng mensahe.<br>B. Upang maipakita ang respeto at malasakit sa damdamin ng kausap.<br>C. Upang mapanatili ang maayos na daloy ng komunikasyon at ugnayan.<br>D. Upang maipadama ang sinseridad at tunay na hangarin sa pakikipag-usap.<br><br>2. Anong pangungusap ang nagpapakita ng angkop na paggamit ng wika at tono sa pakikipag-usap sa kaibigang nalulungkot?<br>A. "Ay naku, drama mo na naman."<br>B. "Ang dami mong iniisip, pabayaan mo na lang."<br>C. " Huwag kang magpaka-stress, problema lang 'yan."<br>D. "Huwag kang magpaka-stress, maliit na bagay lang 'yan at kaya mo 'yan."<br>3. Isang mag-aaral ang nahuli sa klase. Bilang guro, alin sa mga pahayag ang nagpapakita ng tamang tono at layuning interpersonal?<br>A. "Late ka ulit. Paulit-ulit na lang."<br>B. "Umalis ka na. Huli ka na naman."<br>C. "May nangyari ba? Na-late ka ngayon."<br>D. "Wala akong pakialam kung bakit ka huli."<br>4. Alin ang mas angkop na paglalarawan sa isang mahusay makipag-ugnayan gamit ang wika sa interpersonal na komunikasyon?<br>A. Laging seryoso at diretsahan kung magsalita.<br>B. Marunong makiramdam at makisabay sa usapan.<br>C. Mahusay mag-ingles at bihasa sa teknikal na salita.<br>D. Gumagamit ng mabibigat na salita para mangibabaw.<br>5. Basahin ang pahayag: "Kung hindi mo kaya ang trabaho, baka dapat maghanap ka ng iba."<br>Ano ang maaaring epekto nito sa kausap, kahit sabihin nang mahinahon?<br>A. Posibleng makasakit ng damdamin<br>B. Makatutulong para gumaling ang kausap | *isang relasyon o komunidad*<br>• *May eksena ng personal (tao sa tao) at intrapersonal (tao sa sarili) na komunikasyon*<br>• *May paggamit ng berbal (salita) at di-berbal (kilos, ekspresyon, tono ng boses) na pahiwatig*<br><br>*Para sa Karagdagang Gawain*<br>***Pagsasagawa:*** *Ipagawa sa mga mag-aaral ang pagsasagawa ng panayam/interview sa isang miyembro ng pamilya tungkol sa kahalagahan ng wika sa kanilang buhay at trabaho. Ipapasa ang natutuhan sa anyong maikling ulat o presentasyon.*<br><br>*Para sa Opsiyon 2: Magpahiwatig Nang Walang Salita*<br>***Pagsasagawa:*** *Hahatiin ng guro ang klase sa lima at ipapagawa ang isang charades activity kung saan ipapakita ang mga emosyon, utos, o sitwasyon, gamit lamang ang di-berbal na komunikasyon. Oobserbahan ng ibang grupo kung ano ang mensahe at kung paano ito naiintindihan.* |

C. Wala itong epekto kung hindi pasigaw
D. Magpapakita ng pagiging diretso sa punto

***Opsiyon 2: Wika: Salamin ng Pagkatao***
***Gawain ng mga Mag-aaral:*** *Bumuo ng isang maikling dula o monologo (3–5 minuto) na magpapakita ng isang sitwasyong:*

- *Nagpapakita ng kahalagahan ng wika sa isang relasyon o komunidad*
- *May eksena ng personal (tao sa tao) at intrapersonal (tao sa sarili) na komunikasyon*
- *May paggamit ng berbal (salita) at di-berbal (kilos, ekspresyon, tono ng boses) na pahiwatig*

***Maaaring isagawa ito bilang:***
*Monologo (mag-isa)*
*Diyalogong dramatisasyon (dalawa o higit pa)*

*Rubriks:*

| ***Kategorya*** | ***Napakahusay (10)*** | ***Mahusay (8-9)*** | ***Katamtaman (5-7)*** | ***Kailangang Paunlarin (1-4)*** |
|---|---|---|---|---|
| *Nilalaman/ Konspeto* | *Naipapakita nang buo at tamang kahulugan, kahalagahan , at kalikasan ng wika, at uri ng komunikasyon* | *May konting kakulangan ngunit naipaliwanag nang malinaw ang konsepto* | *May ilang kalituhan o kulang sa pagpapaliwanag ng mga paksa* | *Hindi naipakita nang tama ang mga pangunahing konsepto s aaralin* |
| *Organisasyon at Orihinalidad* | *Maayos ang daloy ng ideya, orihinal ang presentasyon* | *May kaayusan sa pagkakasunod-sunodng ideya; pay pagka-orihinal* | *May kaunting kalabuan sa daloy ng ideya; halatang ginaya o kulang sa pagkamalikh* | *Magulo ang presentasyon ;walang orihinalidad* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | *ain* | |
| *Berbal at di berbal na pahayag* | *Mahusay ang paggamit ng tono, kumoas, ekspresyon, at wika* | *Epektibo ngunit may bahagyang kakulangan sa kilos o ekspresyon* | *Kulang ang koordinasyon ng berbal at di-berbal na element* | *Halos walang paggamit ng di-berbal; hindi malinaw ang berbal na pahayag* |
| *Pagganap/ Presentasyon* | *Malinaw, may damdamin, at sensitibo sa emosyon ng iba* | *Maayos ang bigkas at kilos, bagama't may kaunting kakulangan sa emosyon* | *May ilang hindi malinaw,na bahagi; kulang sa koneksyon sa manonood* | *Mahina ang pagpapahayag; hindi nakarating ang mensahe sa tagapakinig* |

4. Karagdagang Gawain

***Opsiyon 1: Wika Ko, Ipagmalaki Ko!***

***Gawain ng mga Mga-aaral:*** Magsagawang panayam sa isang miyembro ng pamilya tungkol sa kahalagahan ng wika sa kanilang buhay at trabaho. Ipapasa ang natutuhan sa anyong maikling ulat o presentasyon.

***Opsiyon 2: Magpahiwatig Nang Walang Salita***

***Gawain ng mga Mga-aaral:*** Sa inyong pangkat, kunan ng *video* ang inyong pangkat habang ginagawa ang *charade activity* kung saan ipapakita ang mga mga emosyon, utos, o sitwasyon, gamit lamang ang di-berbal na komunikasyon. Magpapaobserba ng ibang grupo kung ano ang mensahe at kung paano ito naiintindihan.

| | |
|---|---|
| **V.PAMAMARAAN** | **MGA TALA SA GURO**<br>*(Panuto sa guro sa kung paano isasakatuparan ang mga gawain* |

<table>
<tr><td colspan="3">Nakagagamit ng angkop na wika, tono, at estruktura ayon sa awdiyens, layon at konteksto sa pagtalakay ng iba’t ibang personal at interpersonal na paksa.<br>a . Naipapaliwanag ang iba’t ibang antas ng komunikasyon;<br>b. Nailalahad ang mga dapat isaalang-alang sa epektibong komunikasyon; at<br>c. Napipili ang angkop na mga salita at paraan ng paggamit nito sa mga usapan, talakayan, batay sa antas ng komunikasyon.</td></tr>
<tr><td>A.Aktuwalisasyon ng Dating Kaalaman</td><td>1. Paghango sa Dating Kaalaman<br><br>Opsiyon 1: Wika Ko, Alam Ko<br>Sagutin ang mga sumusunod na kasagutan:<br>• Para sa iyo, ano ang wika?”<br>• Magbigay ng halimbawa kung paano mo ito ginagamit sa pang-araw-araw.<br><br>Opsiyon 2: Iugnay Mo<br>Gawain ng mga Mag-aaral: Magbigay ng mga salita na may kaugnayan sa salitang nasa ibaba at iulat ito sa klase. Talakayin din sa pangkat ang:<br><br>WIKA<br>• Ano ang mga salitang madalas lumitaw?<br>• Ano ang ipinapahiwatig nito sa pagkakaunawa natin sa wika?</td><td>Para sa Opsiyon 1: Wika Ko, Alam Ko<br>Pagsasagawa:<br>1. Ipabahagi ang ilang sagot sa klase.<br>Gamitin ang mga sagot bilang panimula ng diskusyon:<br>• Alin sa mga ideya ang pareho?<br>• May bago bang konseptong lumitaw?<br><br>Para sa Opsiyon 2: Iugnay Mo<br>Pagsasagawa:<br>1. Hatiin ang klase sa maliliit na grupo (3–5 miyembro).<br>2. Magpakita ng salitang “WIKA” sa pisara o manila paper.<br>3. Bigyan ng 2 minuto ang bawat grupo upang isulat o sabihin ang lahat ng salitang naiisip nila na kaugnay ng salitang “wika.”<br>4. Pagkatapos, basahin o ipakita ang mga sagot ng bawat grupo.<br>5.Ihambing at talakayin:<br>• Ano ang mga salitang madalas lumitaw?<br>• Ano ang ipinapahiwatig nito sa pagkakaunawa natin sa wika?</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **B.Integrasyon ng Bagong Kaalaman** | 1. Paglalahad ng Halimbawa<br><br>***Opsiyon 1: Vlog o Talaarawang Hamon o Diyornal***<br><br>***Gawain ng mga Mag-aaral*** : *Basahin ang halimbawang journal upang may pagbabatayan kayo sa pagbuo ng inyong journal.*<br><br>**Journal Entry**<br>*Hunyo 3, 2025*<br>*Hindi ilalagay ang pangalan*<br><br>Ngayong araw ang unang araw ng klase. Pagkagising ko pa lang kaninang umaga, kabado na agad ako. Hindi ko alam kung bakit parang ang bilis ng tibok ng puso ko. Baka dahil bago ang paaralan at wala akong kilala. Tahimik lang ako habang papunta sa school. Habang papasok sa gate, parang gusto kong umatras at umuwi na lang.<br>Pagdating sa loob ng silid-aralan, ngumiti ang guro at tinawag ang pangalan ko. Umupo ako sa pinakalikod at halos hindi kumibo. Pero habang lumilipas ang oras, napansin kong mababait pala ang mga kaklase ko. May lumapit pa nga at nagtanong kung anong section ako. Medyo nawala ang kaba ko.<br>Siguro normal lang pala ang matakot sa umpisa. Pero ngayong natapos na ang araw, mas kampante na ako. Excited na ako bukas.<br><br>Bumuo ng sariling bersyon ng vlog script o journal entry gamit ang angkop na wika, tono, at estruktura. Maaaring ipasa nang nakasulat o *i-record.* | *Para sa Opsiyon 1: Vlog o Talaarawang Hamon o Diyornal*<br>**Mungkahing Sitwasyong Pangkomunikatibo:**<br>Pakikipag-usap nang "puso sa puso"<br><br>*Magpakita ng halimbawang vlog script o journal entry ng isang mag-aaral (itatago ang pangalan) na nagsasalaysay ng personal na karanasan (hal. takot sa unang araw ng klase).* Ipangkat ang klase sa 3-5 miyembro. Ipasuri ang mga halimbawang sitwasyon at ipaklasipika ayon sa antas ng komunikasyon. Tingnan ang halimabawa sa ibaba.<br><br>• Nagsusulat sa *diary*<br>• Nakikipag-chat sa kaibigan<br>• Nagbibigay ng *speec*h sa *flag ceremony*<br>• Nagpo-post ng balita sa *Facebook page*<br>• Nanonood ng balita sa telebisyon<br>• Tumatawag sa *customer service* |

- Nagsusulat sa diary
- Nakikipag-chat sa kaibigan
- Nagbibigay ng speech sa flag ceremony
- Nagpo-post ng balita sa Facebook page
- Nanonood ng balita sa telebisyon
- Tumatawag sa customer service
- Nag-iisip kung paano sasagutin ang tanong ng guro

**Opsiyon 2: Saan Ka Kabilang?**

**Gawain ng mga Mag-aaral:** Sa inyong pangkat, suriin ang sitwasyong nakaatas sa inyo. Gamitin ang graphic organizer sa pagsagot sa mga gabay na tanong.

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| Ano ang antas ng komunikasyon sa sitwasyong ito? | |
| Sino ang mga kalahok? | |
| Ano ang layunin ng komunikasyon? | |
| Ano ang ginamit na channel o daluyan? | |

Halimbawang sitwasyon:

- Pagsagot sa job interview
- Pag-uusap ng magkaibigan tungkol sa problema
- Pagbibigay ng opinyon sa social media
- Pagpapahayag ng saloobin sa sarili (journaling o pagdarasal)
- Pagtatalumpati sa harap ng klase

- Nag-iisip kung paano sasagutin ang tanong ng guro

| Sitwasyon | Antas ng Komunikasyon |
|---|---|
| Nagsusulat sa diary | Intrapersonal |
| Nakikipag-chat sa kaibigan | Interpersonal |
| Nagbibigay ng speech | Pampubliko |

*Para sa Opsiyon 2: Saan Ka Kabilang*

Hatiin ang klase sa 4–5 pangkat. Ang bawat pangkat ay bibigyan ng isang sitwasyon. Gamit ang graphic organizer, susuriin ito sa pamamagitan ng pagsagot sa gabay na tanong. Pagkatapos masuri ng bawat pangkat ay iuulat ito sa harap ng klase at susuriin ito ng mga kamag-aral.

Halimbawang sitwasyon:

- Pagsagot sa job interview
- Pag-uusap ng magkaibigan tungkol sa problema
- Pagbibigay ng opinyon sa social media
- Pagpapahayag ng saloobin sa sarili (journaling o pagdarasal)
- Pagtatalumpati sa harap ng klase

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto<br><br>**ANTAS NG KOMUNIKASYON**<br><br>• **Intrapersonal/Personal**<br>• **Interpersonal**<br>• **Komunikasyong Pampubliko**<br>• **Komunikasyong Pangmasa**<br><br>***Opsiyon 1: Tayo na't Alamin***<br><br>**Gawain ng mga Mag-aaral:** Sa inyong pangkat, talakayin ang nakaatas na paksa inyong pangkat.Pagkatapos, ilarawan ang sitwasyong ibinigay sa inyong pangkat, ipaliwanag ang antas ng komunikasyon na ginamit at bumuo ng maikling diyalogo at ipresenta kung may oras pa at kung wala na, maaaring basahin na lamang ito.<br><br>*Intrapersonal<br>*Interpersonal<br>*Pampubliko<br>*Pangmadla (Mass Communication)<br><br>***Opsiyon 2:*** **Hanapin ang Antas!**<br><br>**Gawain ng mga Mag-aaral:Basahin ang sitwasyong nakasaad at tukuyin kung ito ay** intrapersonal,interpersonal,pampubliko o pangmadla.<br>Halimbawa :<br>-"Nag-iisip kung tama bang sabihin ang totoo sa kaibigan" → Intrapersonal<br>-"Nakikipag-usap sa guro tungkol sa grado" → **Interpersonal**<br>-"Nagsasalita sa programang pangkalikasan" | Gabay na Tanong sa pagsusuri:<br>• Ano ang antas ng komunikasyon sa sitwasyong ito?<br>• Sino ang mga kalahok?<br>• Ano ang layunin ng komunikasyon?<br>• Ano ang ginamit na channel o daluyan?<br><br>*Para sa Pagtalakay ng Bagong Konsepto*<br>**Napipili ang angkop na mga salita at paraan ng paggamit nito sa mga usapan, talakayan, batay sa antas ng komunikasyon.**<br><br>Magpakita sa klase ng malaking concept web (pwedeng sa manila paper, whiteboard, o sa digital slide). Sa gitna, isulat ang "Antas ng Komunikasyon."<br>Ipatala ang limang pangunahing antas bilang mga sanga ng web:<br>• Intrapersonal<br>• Interpersonal<br>• Pampubliko<br>• Pangmadla (Mass Communication)<br>• Interkultural<br>Ipatulong sa mga mag-aaral ang **paglalagay ng sariling halimbawa** sa bawat antas (gamit ang sticky notes, oral sharing, o digital inputs kung online). |

| | | |
|---|---|---|
| | **Pampubliko**<br>-"Nagpo-post ng opinyon sa *Facebook*"<br><br>3. Paglinang ng Kabihasaan<br><br>***Opsiyon 1: Komunikasyon sa Tunay na Buhay***<br>***Gawain ng mga Mag-aaral:*** Magpares at kumuha ng isang sitwasyon. Pagkatapos, tukuyin ang antas ng komunikasyon (Intrapersonal, Interpersonal, Pampubliko, o Pangmadla). Sumulat ng simpleng diyalogo batay sa nakuhang antas at tukuyin ang istilo na ginamit nito: wika, tono, at estruktura.<br><br>***Opsiyon 2: Tara, Unahan Tayo***<br>Gawain ng mga Mag-aaral: Paunahan ng pagkuha ng sitwasyon na kard na naglalaman ng mga totoong buhay na komunikatibong sitwasyon. Pagkatapos, ibigay ang sagot batay sa sumusunod:<br>*Anong antas ng komunikasyon ang ginagamit?<br>*Ano ang layunin at awdyens sa sitwasyong ito?<br>*Anong angkop na wika, tono, at estruktura ang dapat gamitin?<br>*Kung tama ang sagot, makakakuha ng puntos ang grupo. | Sabayan ng talakayan habang binubuo ang web:<br>• Ano ang ibig sabihin ng bawat antas?<br>• Paano ito naiiba sa isa't isa?<br>• Saan karaniwang nangyayari ito sa pang-araw-araw?<br>Maghanda ng 30–40 *flashcards* na may mga halimbawa ng iba't ibang uri ng komunikasyon (halimbawa: "Pakikinig ng podcast," "Nag-iisip kung paano sasabihin ang sagot," "Chat sa messenger," "Pagbibigay ng sermon," atbp.)<br><br>Narito ang *flashcards* na naglalaman ng mga halimbawa ng iba't ibang uri ng komunikasyon na maaaring gamitin para sa aktibidad na "Saan Ka Kabilang?" ukol sa Antas ng Komunikasyon. Maari mo itong i-print at ipalagay sa concept web ng mga mag-aaral depende sa antas.<br><br>**Intrapersonal (Sarili sa sarili)**<br>1. Nag-iisip kung paano sasabihin ang sagot sa recitation<br>2.Pagsusulat ng diary o journal<br>**Interpersonal (Dalawang tao o maliit na grupo)** |

| | | |
|---|---|---|
| | | 1.Pakikipag-chat sa kaibigan sa Messenger<br>2.Pagtanong sa guro kung kailan ang deadline<br>**Pampubliko (Isang tao sa harap ng grupo)**<br>1.Pagbibigay ng talumpati sa klase<br>2.Pagtuturo ng leksyon sa harap ng mga mag-aaral<br>**Pangmadla / Mass Communication (Malawakang midya)**<br>1.Pakikinig ng *podcas*t sa *Spotify*<br>2.Panonood ng balita sa TV<br>Interkultural **(Komunikasyon sa pagitan ng kultura o lahi)**<br>1.Pakikipag-usap sa *foreign exchange student*<br>2.Pagbibigay ng presentasyon tungkol sa kulturang Pilipino sa ibang bansa<br><br>**Naipapaliwanag ang iba't ibang antas ng komunikasyon.**<br>**Nailalahad ang mga dapat isaalang-alang sa epektibong komunikasyon.**<br><br>**Panuto ng Guro:**<br>**1.**Bumuo ng 4 na grupo sa klase.<br>2. Bawat grupo ay i-aassign sa isa sa mga sumusunod:<br>*Intrapersonal<br>*Interpersonal<br>*Pampubliko<br>*Pangmadla *(Mass* |

| | | |
|---|---|---|
| | | *Communication)*<br>3..Bawat grupo ay bibigyan ng sitwasyon/ *scenario cards* na may kinalaman sa kanilang antas ng komunikasyon.<br>4.Ang bawat grupo ay kailangang:<br>a.Ilarawan ang sitwasyon<br>b.Ipaliwanag kung anong antas ng komunikasyon ang ginamit at bakit<br>c.Magplano ng script/dialogo (3–5 linya) gamit ang angkop na wika, tono, at estruktura para sa sitwasyong iyon.<br>d.Pagkatapos, ipapakita ng grupo ang kanilang maikling *role-play* sa klase (o pagbasa ng *script* kung kulang sa oras).<br>**Kasunod na talakayan**:<br>Itanong sa buong klase:<br>*Tama ba ang ginamit nilang tono at wika?<br>*May mas angkop bang paraan ng pagsabi nito?<br>*Ano ang epekto ng kanilang ginamit na estilo ng komunikasyon sa kanilang awdyens?<br>**Halimbawa ng Scenario Cards (pwede mong i-print o isulat sa papel)**<br>◇ Intrapersonal<br>*Iniisip mo kung sasali ka sa isang patimpalak na may takot ka sa entablado.<br>*Tinitimbang mo kung magso-sorry ka sa kaibigan mong nasaktan mo.<br>◇ Interpersonal |

| | | |
|---|---|---|
| | | *Nakikipag-usap ka sa matalik mong kaibigan tungkol sa iyong problema sa pamilya.<br>*Humihiling ka ng paumanhin sa isang kaklaseng nasigawan mo.<br>◇ Pampubliko<br>*Nagbibigay ka ng talumpati sa klase tungkol sa kahalagahan ng pagtutulungan.<br>*Nagpapahayag ka ng panukala sa harap ng barangay para sa proyektong pangkabataan.<br>◇ Pangmadla<br>*Nagsusulat ka ng opinyon para sa isang blog tungkol sa kalikasan.<br>*Gumagawa ka ng script para sa isang 30-segundong TV ad na nagtataguyod ng kalusugan sa pagkain.<br><br>Para sa Opsiyon 2: Hanapin ang Antas<br>**(Sorting Game)**<br>**Pagsasagawa:**<br>1.Basahin ang bawat sitwasyong nakasaad sa listahan.Tukuyin kung ito ay:<br>*Intrapersonal<br>*Interpersonal<br>*Pampubliko<br>*Pangmadla<br>2.Ipaliwanag kung bakit ito kabilang sa naturang antas.<br>3.Gamitin ang *worksheet* o gumamit ng *Google Slide* kung online. |

| | | |
|---|---|---|
| | | Halimbawa :<br>-"Nag-iisip kung tama bang sabihin ang totoo sa kaibigan" → Intrapersonal<br>-"Nakikipag-usap sa guro tungkol sa grado" → **Interpersonal**<br>-"Nagsasalita sa programang pangkalikasan" **Pampubliko**<br>-"Nagpo-post ng opinyon sa Facebook"<br><br>**Napipili ang angkop na mga salita at paraan ng paggamit nito sa mga usapan, talakayan, batay sa antas ng komunikasyon.**<br><br>Panuto ng Gawain:<br>1.Ihanda ang sarili sa tunay na sitwasyon.<br>2.Bawat mag-aaral (o pares) ay pipili mula sa isang *"Real-Life Situation Card"* (ipinapaloob sa envelope o ipinapakita sa screen).<br>Ang mga sitwasyon ay tumutukoy sa mga karaniwang personal at interpersonal na interaksyon.<br>3.Gamit ang kanilang nakuha**,** ang mag-aaral ay:<br>*Tutukuyin ang antas ng komunikasyon (Intrapersonal, Interpersonal, Pampubliko, o Pangmadla).<br>*Magsusulat ng maikling *script* (3–5 linya) gamit ang angkop na wika, tono, at |

| | | |
|---|---|---|
| | | estruktura.<br>*****Ipapaliwanag kung bakit ganoon ang istilo ng komunikasyon na kanilang ginamit.<br>4.Pagbabahagi sa Klase<br>*Isa-isang babasahin o ipapakita ang script.<br>*Susundan ito ng maikling *peer feedback o guided discussion* gamit ang tanong:<br>-Tama ba ang ginamit na tono?<br>_Epektibo ba ang paraan ng pakikipag-usap?<br>-Paano ito mag-iiba kung ibang tao o konteksto ang kausap?<br><br>**Napipili ang angkop na mga salita at paraan ng paggamit nito sa mga usapan, talakayan, batay sa antas ng komunikasyon.**<br><br>**Pagsasagawa:**<br>1.Bumuo ng 3–5 pangkat ng mag-aaral.<br>2.Ihanda ang "Sitwasyon na Kard" na naglalaman ng mga totoong buhay na komunikatibong sitwasyon.<br>3.Bawat round ay magpapakita ng isang sitwasyon (ipapakita sa board, papel, o babasahin ng guro).<br>4.Sa hudyat ng guro ("Tara, Unahan Tayo!"), ang unang pangkat na makaka-taas ng kamay o maka-buzzer ay: |

<table>
<tr><td></td><td></td><td>5.Magbibigay ng sagot batay sa sumusunod:<br>-Anong antas ng komunikasyon ang ginagamit?<br>-Ano ang layunin at awdyens sa sitwasyong ito?<br>-Anong angkop na wika, tono, at estruktura ang dapat gamitin?<br>-Kung tama ang sagot, makakakuha ng puntos ang grupo.<br>-Magpapatuloy ang laro hanggang sa maiproseso ang 10–15 sitwasyon.<br>6.Sa dulo, ang grupong may pinakamataas na puntos ay ideklara bilang panalo.</td></tr>
<tr><td>C.Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan</td><td>1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon<br><br>Opsiyon 1: Ako? Kausap mo?<br>Gawain ng mga Mag-aaral: Sumulat ng liham o email maaaring sa magulang, kaibigan at kamag-anak na dapat nagtataglay ng angkop na wika, tono at estruktura ayon sa awdiyens, layon at konteksto.<br><br>Opsiyon 2: Pabago-bago, Paikot-ikot<br>Gawain ng mga Mag-aaral: Talakayin sa inyong pangkat ang paksang nakaatas sa inyo. Gawin ito batay sa iba't ibang konteksto: sa magulang, sa kaklase, at sa guro.
<table>
<tr><th>Kategorya</th><th>Napakahusya</th><th>Mahusay</th><th>Katamtaman</th><th>Nangangailangan ng Tulong</th></tr>
<tr><td>Layunin ng Liham</td><td>Malinaw at tuwirang naipahayag ang layunin ng liham.</td><td>Naipahayag ang layunin ngunit may kaunting kalabuan.</td><td>Bahagyang malinaw ang layunin; hindi buo ang mensahe.</td><td>Hindi malinaw o wala ang layunin ng liham.</td></tr>
<tr><td>Interpersonal</td><td>Epektibong</td><td>May</td><td>Bahagyang</td><td>Hindi</td></tr>
</table></td><td>Para sa Opsiyon 1: Ako? Kausap mo?<br>Pagsasagawa:<br>Magpapasulat ng liham o email sa tatlong magkaibang awdiyens, maaring ito ay sa magulang, kaibigan, kamag-anak . Ito ay dapat na nagtataglay ng angkop na wika, tono, at estruktura ayon sa awdiyens, layon at konteksto<br><br>Para sa Opsiyon 2: Pabago-bago, Paikot-ikot<br>Pagsasagawa: Magbibigay ang guro ng paksang tatalakayin (hal. Pakikiusap) at ipapagawa ito sa mga mag-aaral sa iba't ibang konteksto: sa magulang, sa kaklase, at sa</td></tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **(pakikipag-ugnayan sa iba)** | naipapakita ang empatiya, respeto, at konsiderasyon sa kausap. | pagpapakita ng empatiya at respeto. | naipakita ang konsiderasyon sa kausap. | naipapakita ang paggalang o empatiya sa mambabasa. |
| **Intrapersonal (pagpapahayag ng sariling damdamin o saloobin)** | Malinaw, tapat, at makabuluhan ang pagpapahayag ng sariling damdamin. | Tapat ang saloobin ngunit may kulang sa lalim. | May pagpapahayag ng damdamin ngunit hindi malinaw. | Hindi naipapahayag nang maayos ang sariling saloobin. |

2. Paglalahat

***Opsiyon 1: May Tama Ka!***

***Panuto:*** Sagutin ang sumusunid na mgatanong:

1. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng *intrapersonal na komunikasyon*?
   A. Pakikipanayam sa radyo
   B. Pagninilay sa sarili
   C. Pakikipag-chat sa kaibigan
   D. Pagbibigay ng mensahe sa klase
2. Ano ang tawag sa komunikasyong nagaganap sa pagitan ng dalawang tao?
   A. Pangmadla
   B. Pampubliko
   C. Interpersonal
   D. Intrapersonal
3. Sa anong antas ng komunikasyon kabilang ang pagbibigay ng talumpati sa harap ng maraming tao?
   A. Intrapersonal
   B. Pampubliko
   C. Interpersonal
   D. Pangmasa
4. Alin sa mga sumusunod ang *hindi angkop* na tono kapag nakikipag-usap sa guro?
   A. Magalang
   B. Bastos

*guro.*

*Para sa Opsiyon 1: May Tama Ka!*

***Pagsasagawa: Magbibigay ang guro ng*** *Isang game-style quiz (kahoot, quiz cards, o oral recitation) tungkol araling tinalakay.*

*Sasagutin ng mag-aaral kung tama o mali ang mga tekstong ipapakita ng guro.*

***Susing Sagot:***

1.B
2.C
3.B
4.B
5.A

*Para sa Opsiyon 2: Ipaglaban Mo!*


Panuto ng Guro:

1.Hatiin ang klase sa dalawang malalaking grupo – *Panig A at Panig B.*


2.Ipakita ang isang paksa o isyu na karaniwang nararanasan sa personal at interpersonal na antas.

3.Ang bawat panig ay kailangang "ipaglaban" ang

| | | |
|---|---|---|
| | C. Marespeto<br>D. Maayos<br>5. Bakit mahalaga ang pag-aangkop ng wika, tono, at estruktura sa komunikasyon?<br>A. Para mas maging epektibo ang paghahatid ng mensahe<br>B. Para hindi na mag-isip nang mabuti<br>C. Para gumamit ng maraming malalalim na salita<br>D. Para magmukhang matalino<br><br>***Opsiyon 2: Ipaglaban Mo!***<br>***Gawain ng mga Mag-aaral:*** Magpapangkat-pangkat sa dalawang pangkat at pumili ng posisyon upang pagtalunan<br>**Mga Paksa (Pumili ang guro o pasadyain batay sa aralin):**<br>1.Mas mainam bang tahimik na lang kapag may problema kaysa ikuwento sa iba?<br>2.Sa panahon ngayon, kailangan bang i-post sa social media ang saloobin o isyu?<br><br>3. Pagtataya<br>Panuto: Basahin at unawian ang tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot.<br><br>1. Ano ang maaaring maging epekto ng paggamit ng masyadong pormal na wika sa isang interpersonal na usapan sa kaibigan?<br>A. Mas madali kang mauunawaan<br>B. Mas magiging malinaw ang usapan<br>C. Mas magiging kapani-paniwala ang sinasabi<br>D. Magmumukhang malayo at hindi natural ang pag-uusap<br>2. Paano naiiba ang komunikasyong pampubliko sa komunikasyong pangmasa?<br>A. Ang pampubliko ay harapan; ang pangmasa ay online<br>B. Ang pampubliko ay may limitadong tagapakinig; ang pangmasa ay bukas sa lahat | kanilang posisyon gamit ang angkop na:<br>*Antas ng komunikasyon<br>*Wika at tono<br>*Estruktura ng pangangatwiran<br><br>-Bigyang-diin sa mga tagapagsalita ang paggamit ng:<br>*Malinaw at magalang na pananalita<br>**Mga Paksa (Pumili ang guro o pasadyain batay sa aralin):**<br>1.Mas mainam bang tahimik na lang kapag may problema kaysa ikuwento sa iba?<br>2.Sa panahon ngayon, kailangan bang i-post sa social media ang saloobin o isyu?<br><br>**Gabay na Tanong Habang Nagtatalo:**<br>• Anong antas ng komunikasyon ang ginamit ng bawat panig?<br>• Paano naipakita ang kaangkupan ng wika at tono batay sa audience?<br>• Anong estruktura ng pagpapahayag ang ginamit? Malinaw ba ang layunin?<br><br>*Para sa Pagtataya:*<br>***Susing Sagot:***<br>*1.D*<br>*2.C*<br>*3.D* |

| | | |
|---|---|---|
| | C. Ang pampubliko ay may tiyak na audience; ang pangmasa ay malawak at di-tiyak ang audience<br>D. Ang pampubliko ay para sa personal na mensahe; ang pangmasa ay para sa impormasyon<br>3. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang gumagamit ng akmang tono at estruktura para sa komunikasyong pangmasa?<br>A. "Uy, 'wag kayong magkalat."<br>B. "Linisin naman natin ang paligid."<br>C. "May nakakita bang walis? Ang kalat na."<br>D. "Narito ang ilang paraan upang mapanatili ang kalinisan sa ating paligid."<br>4. Kung ikaw ay nagdadalawang-isip kung lalapitan mo ang kaibigan mong nasaktan mo, anong antas ng komunikasyon ang iyong ginagamit at bakit?<br>A. Interpersonal – dahil may ibang taong sangkot<br>B. Intrapersonal – dahil kinakausap mo ang sarili<br>C. Pampubliko – dahil binabanggit ito sa harap ng iba<br>D. Pangmasa – dahil ibinabahagi ito sa social media<br>5. Bakit mahalagang isaalang-alang ang layunin at audience sa pagpili ng wika at estruktura ng mensahe?<br>A. Para mas maging malinaw ang mensahe<br>B. Para maabot ang tamang tagapakinig<br>C. Para maiwasan ang hindi pagkakaintindihan<br>D. Para maiparating nang epektibo ang nais sabihin<br><br>***Opsiyon 2: Ihambing mo***<br>***Gawain para sa mga Mag-aaral:***<br>Gamit ang talahanayan, tukuyin at ipaliwanag ang:<br>• Tono ng bawat teksto<br>• Layunin ng nagsasalita<br>• Konteksto ng usapan<br>• Antas ng Kounikasyon<br> | *4.B*<br>*5.D*<br><br>*Para sa Opsiyon 2: Ihambing Mo*<br>***Pagsasagawa:***<br>Magpapagawa ang guro ng ng Venn Diagram sa mag-aaral upang ipakita ang pagkakaiba at pagkakatulad ng iba't ibang antas ng komunikasyon.<br><br>Magbibigay ang guro ng mga real-life scenarios (hal. pagtatalo ng magkaibigan, pakikipag-usap sa guro). Kailangang matukoy ng mag-aaral kung naging epektibo ang komunikasyon, *bakit, at ano ang maaaring baguhin.*<br><br>*Para sa Opsiyon 1: May Alam Ka Ba?*<br>Magbabahagi ang mga mag-aaral ng hindi makakalimutang karanasan. Kailangang maipakita ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman sa epektibong komunikasyon.<br><br>*Para sa Opsiyon 2: Ayusin Natin*<br>***Pagsasagawa:*** Magbigay ng usapan na hindi masyadong maayos ang pagkakagamit ng wika, tono, o estruktura. Pagkatapos, ipaayos sa mga mag-aaral ang bawat usapan |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
Pagkakaiba    Pagkakatulad    Pagkakaiba<br><br>
Guhit ni: Gloria C. Sabanal<br>
Personal at Interpesonal<br>
4. Karagdagang Gawain<br>
Opsiyon 1: May Alam Ka Ba?<br>
Gawain ng mga Mag-aaral: Magbahagi ng hindi makakalimutang karanasan. Kailangang maipakita ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman sa epektibong komunikasyon.<br><br>
Opsiyon 2: Ayusin Natin!<br>
Gawain ng mga Mag-aaral:.<br><br>
Panuto: May mga bahagi ng usapan sa ibaba na hindi maayos ang pagkakagamit ng wika, tono, o estruktura.<br>
Gamit ang kaalaman sa angkop na komunikasyon, ayusin ang bawat usapan upang ito ay maging:
<ul>
<li>angkop sa tagapakinig (audience),</li>
<li>malinaw ang layunin (layon), at</li>
<li>akma sa sitwasyon (konteksto).</li>
</ul>
Isulat muli ang pag-uusap sa mas maayos at epektibong paraan.<br><br>
Orihinal na Usapan:<br>
Estudyante: "Ma’am, kailangan ko po ng tulong. Ang hirap kasi tapusin 'tong project niyo, parang wala po akong natutunan."
</td>
<td>
upang ito ay maging:
<ul>
<li>angkop sa tagapakinig (audience),</li>
<li>malinaw ang layunin (layon), at</li>
<li>akma sa sitwasyon (konteksto).</li>
</ul>
Isulat muli ang pag-uusap sa mas maayos at epektibong paraan.
</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td colspan="2">V.PAMAMARAAN</td><td>MGA TALA SA GURO<br>(Panuto sa guro sa kung paano isasakatuparan ang mga gawain</td></tr>
<tr><td colspan="3">Nakagagamit ng angkop na di-berbal na mga estratehiya upang mapahusay ang kalidad ng komunikasyong personal at Interpersonal.<br>a.Natutukoy ang iba’t ibang uri ng di-berbal na komunikasyon (kinesika, ekspresyon ng mukha, kumpas, proxemics, eye contact, atbp.) at ang gamit ng mga ito sa personal at interpersonal na konteksto;<br>b. Nasusuri ang epekto ng di-angkop na di-berbal na kilos o ekspresyon sa pag-unawa ng mensahe sa isang personal o interpersonal na interaksyon;at<br>c. Naipapamalas ang kasanayan sa mabisang/epektibong komunikasyon sa pagpapahayag ng damdamin at saloobin.</td></tr>
<tr><td>A.Aktuwalisasyon ng Dating Kaalaman</td><td>1. Paghango sa Dating Kaalaman<br><br>Opsiyon 1: Tugma o Hindi?<br>Gagawin ng mag-aaral: Pag-uriin ang mga pahayag bilang personal o intrapersonal gamit ang graphic organizer (Venn diagram o T-chart).<br><br>Halimbawa ng mga card:<br>• “Isinusulat ko ang aking nararamdaman sa diary.”<br>• “Nag-uusap kami ng aking kaibigan tungkol sa problema.”<br>• “Nag-eensayo ako ng talumpati sa harap ng salamin.”<br><br><br>Venn Diagram<br><br><table><tr><td colspan="2">“Isinusulat ko ang aking nararamdaman sa diary.”</td></tr><tr><td>Personal</td><td>Intrapersonal</td></tr><tr><td></td><td></td></tr></table>T-chart<br><br>Gagawin ng mag-aaral: Tukuyin at ipaliwanag ang uri ng di-berbal na komunikasyon sa larawan (proxemics, eye contact, ekspresyon, atbp.) at ang posibleng kahulugan nito batay sa</td><td>Para sa Opsiyon 1: Tugma o Hindi<br>Mungkahing Sitwasyong Komunikatibo: Pagpapahayag nang angkop ng mga damdamin at papuri<br><br>(Sorting Activity sa Flashcards)<br>1.Ipapakita sa mga mag-aaral ang hanay ng mga pahayag o sitwasyon na maaaring masabing personal o intrapersonal na komunikasyon.<br>2.Ipakita ang ilang mga larawan ng tao sa iba’t ibang sitwasyong sosyal (hal. dalawang taong nag-uusap sa malapit, isang taong umiwas ng tingin, taong nakatawa habang may kausap).<br><br>Para sa Opsiyon 2: Sino ang Nagsalita?</td></tr>
</table>


konteksto

Bigyan ng sitwasyon ang mga pares o maliit na pangkat (hal. paghingi ng tawad, pagsigaw ng tuwa sa balita, pagtatapat ng sikreto). Kailangang ipakita ng mga mag-aaral ang dayalogo gamit ang kombinasyon ng berbal at di-berbal na komunikasyon, na binibigyang-diin ang tono ng boses, ekspresyon ng mukha, kumpas, at eye contact.

***Opsiyon 2: Sino ang Nagsalita? (Audio Clip Analysis)***
***Gawain ng mga Mag-aaral:*** Panoorin ang panayam. Pagkatapos, tutukuyin ng mga mag-aaral kung ito ay monologo o diyalogo at tukuyin ang tono, layunin, at konteksto nito.

2. Paglalahad ng Layunin

***Opsiyon 1: Picture Talk***
Panuto: Pag-aralan ang larawan. Tukuyin at ipaliwanag ang uri ng berbal na komunikasyon sa larawan.



Guhit ni: Arvin Herald M. Borrega

***Opsiyon 2: Magpakatotoo Ka!***
***Gawain ng mga Mag-aaral:*** Sa inyong pangkat, isadula ang

Ang guro ay magpapatugtog ng 2-3 audio clip; isa mula sa monologo, isa mula sa diyalogo, at isa mula sa panayam. Pagkatapos, tutukuyin ng mga mag-aaral kung ito ay monologo o diyalogo at tukuyin ang tono, layunin, at konteksto nito.
https://www.youtube.com/watch?v=fEy_loRPoRc
*tungkol sa panayam ni Boy Abunda kay Karina Bautista*

**Natutukoy ang iba't ibang uri ng di-berbal na komunikasyon (kinesika, ekspresyon ng mukha, kumpas, proxemics, eye contact, atbp.) at ang gamit ng mga ito sa personal at interpersonal na konteksto.**

*Para sa Opsiyon 1: Picture Talk*
***(Interpretasyon ng Larawan)***
Ipakita ang ilang mga larawan ng tao sa iba't ibang sitwasyong sosyal (hal. dalawang taong nag-uusap sa malapit, isang taong umiwas ng tingin, taong nakatawa habang may kausap).
Gagawin ng mag-aaral: Tukuyin at ipaliwanag ang uri ng di-berbal na komunikasyon sa larawan (proxemics, eye contact, ekspresyon, atbp.) at ang posibleng kahulugan nito batay sa konteksto

| | | |
|---|---|---|
| | sitwasying napili niyo. Kailangang ipakita ang diyalogo gamit ang kombinasyon ng berbal at di-berbal na komunikasyon, na binibigyang-diin ang tono ng boses, ekspresyon ng mukha, kumpas, at eye contact. | *Para sa Opsiyon 2: Magpakatotoo Ka!*<br>***(Mini Role Play)***<br>Nasusuri ang epekto ng di-angkop na di-berbal na kilos o ekspresyon sa pag-unawa ng mensahe sa isang personal o interpersonal na interaksyon.<br><br>Bigyan ng sitwasyon ang mga pares o maliit na pangkat (hal. paghingi ng tawad, pagsigaw ng tuwa sa balita, pagtatapat ng sikreto). Kailangang ipakita ng mga mag-aaral ang diyalogo gamit ang kombinasyon ng berbal at di-berbal na komunikasyon, na binibigyang-diin ang tono ng boses, ekspresyon ng mukha, kumpas, at eye contact. |
| **B.Integrasyon ng Bagong Kaalaman** | 1. Paglalahad ng Halimbawa<br><br>***Opsiyon 1: Teleserye Moments***<br>**Gawain ng mga Mag-aaral:** Panoorin ang *video clip* at sagutan ang gabay na tanong:<br>• Anong emosyon ang ipinapakita?<br>• Aling uri ng di-berbal na komunikasyon ang ginamit?<br>• Angkop ba ang kilos sa damdaming ipinapahayag?<br><br>***Opsiyon 2: Kilos Mo, Kuwento Ko***<br>Panuto: Tukuyin kung berbal o di berbal ang senaryong nakikita sa larawan.. Bumuo ng maikling usapan mula sa senaryong nakikita sa larawan. | *Para sa Opsiyon 1: Teleserye Moments*<br>**Natutukoy ang iba't ibang uri ng di-berbal na komunikasyon (kinesika, ekspresyon ng mukha, kumpas, proxemics, eye contact, atbp.) at ang gamit ng mga ito sa personal at interpersonal na konteksto.**<br><br>***(Video Clip Viewing & Analysis)***<br><br>Magpakita ng piling video clip mula sa isang teleserye, pelikula, o vlog kung saan kapuna-puna ang paggamit ng mga di-berbal na |

| | | |
|---|---|---|
| |  <br>Guhit ni: Arvin Herald M. Borrega<br><br>2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto<br>***Opsiyon 1: Komunikasyon sa Dalawang Paraan***<br>***Gawain ng mga Mag-aaral:*** Mula sa nabunot na sitwasyon, Gagawin nila ang unang pagsasanay gamit lamang ang berbal na komunikasyon, habang sa pangalawa ay gagamit lamang ng di-berbal (walang salita).<br><br>***Opsiyon 2: Sino ang Mas Epektibo?***<br>***Gawain ng mga Mag-aaral:*** Panoorin ang *video clip* ng taong nagpapahayag ng parehong mensahe (hal. paghingi ng tawad), ngunit sa isa, may magandang kumbinasyon ng berbal at di-berbal; sa isa naman ay hindi tugma ang kilos at sinasabi.<br>Sagutin kung sino ang mas epektibo at bakit.<br><br>3. Paglinang ng Kabihasaan<br><br>***Opsiyon 1: Talk Show Tayo!***<br>**Gawain ng mag Mag-aaral:** Magkaroon ng talk show ang pangkat at pag-usapan ang malinaw na berbal na komunikasyon (tamang wika, tono, estruktura | komunikasyon (kinesika, ekspresyon ng mukha, eye contact, kumpas, atbp.).<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=u3614rccaJ0<br><br>ukol sa pelikulang" Kayo lang ang Meron Ako"<br><br>*Para sa Opsiyon 2: Kilos Mo, Kuwento Ko*<br>**Nasusuri ang epekto ng di-angkop na di-berbal na kilos o ekspresyon sa pag-unawa ng mensahe sa isang personal o interpersonal na interaksyon.**<br><br>***(Photo-to-Scenario Matching)***<br><br>Magpakita ng mga larawan ng iba't ibang ekspresyon ng mukha, kumpas, at kilos (hal. nakatawang mata, pagyuko, malawak na kilos ng kamay, pagtuturo, pagtabi o paglapit sa kausap).<br>Gagawin ng mag-aaral:<br>• Tukuyin ang uri ng di-berbal na komunikasyon na ginamit.<br>• Bumuo ng maikling senaryo o usapan kung saan ang kilos ay angkop gamitin<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=D7QxbIiWVbc |

| | | |
|---|---|---|
| | ***Opsiyon 2: Emoji sa Tunay na Buhay***<br><br>Panuto: Piliin ang emoji sa ibaba ayon sa ibinigay na sitwasyon.<br><br><br>Guhit ni: Arvin Herald M. Borrega | *Para sa Opsiyon 1: Komunikasyon sa Dalawang Paraan*<br>Hatiin ang klase sa pares. Magpapalitan sila ng papel na naglalaman ng simpleng sitwasyon (hal., "Humihingi ng paumanhin," "Nangangailangan ng tulong"). Gagawin nila ang unang pagsasanay gamit lamang ang berbal na komunikasyon, habang sa pangalawa ay gagamit lamang ng di-berbal (walang salita).<br><br>*Para sa Opsiyon 2: Sino ang Mas Epektibo?*<br>***(Pagsusuri ng Eksena)***<br>Ipakita ang dalawang magkaibang video clip ng taong nagpapahayag ng parehong mensahe (hal. paghingi ng tawad), ngunit sa isa, may magandang kumbinasyon ng berbal at di-berbal; sa isa naman ay hindi tugma ang kilos at sinasabi.<br>Papasagutan ang mga mag-aaral kung sino ang mas epektibo at bakit.<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=nY1WkzRjh2I<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=sgqn1KA1tQU<br><br>**Naipapamalas ang** |

| | | |
|---|---|---|
| | | **kasanayan sa mabisang/epektibong komunikasyon sa pagpapahayag ng damdamin at saloobin.**<br><br>*Para sa Opsiyon 1: Talk Show Tayo!*<br>Hatiin ang klase sa maliliit na pangkat. Ang bawat pangkat ay may 3-4 na miyembro.<br>**Isang host**<br>Isang o dalawa o higit pang panauhin<br>Isang tagamasid/tagapuna<br>Magpapalitan sila ng papel upang magsagawa ng scripted na panayam tungkol sa isang napapanahong paksa (hal. social media, mental health, climate change).<br>Dapat gamitin ng mga kalahok ang malinaw na berbal na komunikasyon (tamang wika, tono, estruktura ng tanong at sagot) at angkop na di-berbal na kilos (eye contact, kumpas, ekspresyon ng mukha, postura).<br>Ang tagamasid ay magbibigay ng puna kung naging epektibo ba ang kombinasyon ng berbal at di-berbal na paraan ng komunikasyon.<br><br>*Para sa Opsiyon 2: Emoji sa Tunay na Buhay*<br>Bibigyan ang mga mag-aaral ng listahan ng emojis (hal. sad face, thumbs up, face with |

| | | |
|---|---|---|
| | | rolling eyes, etc.).<br>Gagayahin nila ang ekspresyon o kumpas nito gamit ang kanilang katawan at mukha.<br>Magbibigay sila ng berbal na tugma rito (hal. "Ayos lang ako," "Wala akong gana," "Ang saya ko!").<br>Tatalakayin kung paanong napapalalim ng di-berbal ang kahulugan ng sinasabi. |
| **C.Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan** | 1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon<br><br>***Opsiyon 1: Komunikasyong May Puso***<br>***Gawain ng mga Mag-aaral:*** Sumulat ng isang spoken message para sa isang taong nais nilang pasalamatan, humingi ng tawad, o ipahayag ang damdamin.Pagkatapos, itatala nila ito sa video habang isinasaalang-alang ang berbal at di-berbal na estratehiya (tono, ekspresyon, kumpas).<br><br>***Opsiyon 2: 'Bang-Arte Mo***<br>***Gawain ng mga Mag-aaral:*** Gumawa ng *role play* kung paano niyo epektibong gagamitin ang berbal at di-berbal na komunikasyon sa sitwasyong ibinigay ng guro.<br><br>2. Paglalahat<br>***Opsiyon 1: Komunikasyon Ko, Repleksyon Ko***<br>***Gawain ng mga Mag-aaral:*** Sagutin ang maikling repleksyon sa tanong<br><br>"Paano mo magagamit ang kaalaman sa berbal at di-berbal na komunikasyon sa iyong araw-araw na pakikisalamuha sa ibang | *Para sa Opsiyon 1: Komunikatibong May Puso*<br><br>***(Letter + Video)***<br>Pagsusulatin ang mag-aaral ng isang liham o spoken message para sa isang taong nais nilang pasalamatan, humingi ng tawad, o ipahayag ang damdamin.<br>Pagkatapos, itatala nila ito sa video habang isinasaalang-alang ang berbal at di-berbal na estratehiya (tono, ekspresyon, kumpas)<br><br>*Para sa Opsiyon 2: 'Bang-Arte Mo*<br>*Magbibigay ang guro ng mga sitwasyong hango sa tunay na buhay (hal. pakikipag-usap sa magulang, paghingi ng tawad sa kaibigan, job interview, pakikipagtalo sa kapatid).*<br>*Gagawa ng role play ang mga mag-aaral kung paano nila epektibong gagamitin ang berbal at di-berbal na* |

tao?”

| Berbal | Di- Berbal |
| --- | --- |
| | |

***Opsiyon 2: T-Chart: Alin ang Mas Angkop?***

| Uri ng Komunikasyon | |
| --- | --- |
| Berbal | Di-Berbal |
| | |

3. Pagtataya

***Opsiyon 1:*** *Pasulit*

*Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga tanong.Piliin ang titik ng tamang sagot.*

**1.** Ano ang pangunahing pagkakaiba ng kinesika at proxemics sa di-berbal na komunikasyon?

A. Ang kinesika ay tungkol sa distansya ng tao, samantalang ang proxemics ay tungkol sa galaw ng katawan.

B. Ang kinesika ay tumutukoy sa mga kilos at galaw ng katawan, habang ang proxemics ay tungkol sa paggamit ng espasyo o distansya sa komunikasyon.

C. Ang kinesika ay tungkol sa ekspresyon ng mukha, at ang proxemics ay tungkol sa tono ng boses.

D. Ang kinesika ay tungkol sa eye contact, samantalang ang proxemics ay tungkol sa kumpas.

**2.** Sa isang role play, paano mo maipapakita ang damdamin ng pagkadismaya gamit ang di-berbal na komunikasyon?

*komunikasyon sa mga ito.*

*Para sa Opsiyon 1: Komunikasyon Ko, Repleksyon Ko*

Papasagutan ang mga mag-aaral ng maikling repleksyon sa tanong:

“Paano mo magagamit ang kaalaman sa berbal at di-berbal na komunikasyon sa iyong araw-araw na pakikisalamuha sa ibang tao?” Ipasulat sa papel .

*Para sa Opsiyon 2: T-Chart*

Maghahati sa dalawang kolum: Berbal at Di-Berbal. Maglalagay ang mag-aaral ng mga sitwasyon sa ilalim ng kolum kung saan mas angkop gamitin ang berbal o di-berbal na komunikasyon (o kombinasyon ng dalawa).

Maghahati sa dalawang kolum: Berbal at Di-Berbal. Maglalagay ang mag-aaral ng mga sitwasyon sa ilalim ng kolum kung saan mas angkop gamitin ang berbal o di-berbal na komunikasyon (o kombinasyon ng dalawa).

*Para sa Opsiyon 1: Pasulit*

***Susing Sagot:***

1.B
2.B
3.B

| | | |
|---|---|---|
| | A. Gumamit ng malakas na boses at mabilis na pagsasalita.<br>B. Magkaroon ng bahagyang pagyuko ng ulo, bumagsak ang mga balikat, at saradong ekspresyon ng mukha.<br>C. Manatiling nakangiti at tumingin sa paligid habang nagsasalita.<br>D. Gumamit ng sobrang kumpas ng kamay habang nagsasalita.<br>3. Ano ang maaaring epekto ng kakulangan ng eye contact sa isang personal na pag-uusap?<br>A. Nagpapakita ito ng kumpiyansa at intensyon.<br>B. Nagdudulot ito ng kalituhan o kawalan ng interes.<br>C. Nagpapahiwatig ito ng pagiging bukas sa usapan.<br>D. Nakakatulong ito upang magpahayag ng damdamin.<br>4. Paano nakakatulong ang angkop na di-berbal na estratehiya sa pagpapahayag ng saloobin sa isang talakayan?<br>A. Nakakabawas ito ng interes sa paksa.<br>B. Hindi ito mahalaga sa epektibong usapan.<br>C. Nakakagulo ito sa pagkakaunawa sa mensahe.<br>D. Nakakatulong ito upang malinaw na maipakita ang emosyon at intensyon.<br>**5.** Kung ang isang kaibigan ay laging nakikipag-usap sa'yo na may nakatiklop na mga braso, ano ang ibig sabihin nito?<br>A. Interesado siya sa usapan.<br>B. Payapa at bukas ang loob niya.<br>C. Maaaring hindi siya komportable.<br>D. Masaya siya sa pakikipag-usap sa kaibigan.<br><br>***Opsiyon 2: Komunikasyong Buhay: Isang Maikling Dula***<br>***Gawain ng mga Mag-aaral:*** Sumulat ng maikling dula na may temang:<br><br>• Pakikipag-ayos ng hindi pagkakaunawaan<br>• Pakikipag-usap sa magulang/tropa/kapitbahay tungkol sa isang problema<br>• Pagpapahayag ng saloobin sa positibo o negatibong | 4.D<br>5. C<br><br>*Para sa Opsiyon 2: Komunikatibong Buhay*<br>Hatiin ang klase sa sampu ( depende sa bilang ng mag-aaral) Pasulatin ang bawat grupo ng maikling dula (3-5 minuto) na may temang :<br>• Pakikipag-ayos ng hindi pagkakaunawaan<br>• Pakikipag-usap sa magulang/tropa/kapit bahay tungkol sa isang problema<br>• Pagpapahayag ng saloobin sa positibo o negatibong sitwasyon<br><br>*Para sa Opsiyon 1: Hasgtag Summary*<br>Hikayatin ang mga mag-aaral na gumawa ng 3–5 hashtags na magbubuod sa kanilang natutuhan. Halimbawa:<br>#MakataongKomunikasyon<br>#HuwagLangSalitaKundiDamdamin<br>#GalawAySalitaRin<br><br>Magpawa ng simpleng poster ang mga mag-aaral kung saan ilalarawan o isusulat nila ang mahahalagang konsepto tungkol sa berbal at di-berbal na komunikasyon. |

| | | |
|---|---|---|
| | sitwasyon<br><br>4. Karagdagang Gawain<br><br>***Opsiyon 1: Hashtag Summary***<br>***Gawain ng mga Mag-aaral:*** Gumawa ng 3-5 hashtags na magbubuod sa natutuhan:<br>#MakataongKomunikasyon<br>#HuwagLangSalitaKundiDamdamin<br>#GalawAySalitaRin<br><br>***Opsiyon 2: Mini Poster: Ano ang Aking Natutuhan***<br>***Gawain ng mga Mag-aaral:*** Gumawa ng poster kung saan ilalarawan o isusulat nila ang mahahalagang konsepto tungkol sa berbal at di-berbal na komunikasyon. Maaaring gumamit ng simbolo, larawan, o maikling pahayag. | Maaaring gumamit ng simbolo, larawan, o maikling pahayag. |

| | | |
|---|---|---|
| **I. PAGTATATAYANG PANGYUNIT**<br>*(Pagtataya sa Natutuhan)* | ***Opsiyon 1:Lagumang Pagsusulit***<br><br>Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot.<br>1. Bakit mahalagang isaalang-alang ang tamang tono ng boses sa isang interpersonal na usapan?<br>A. Upang mapaikli ang usapan<br>B. Upang ipilit ang sariling opinyon sa kausap<br>C. Upang makapagpatawa sa gitna ng seryosong usapan<br>D. Upang maging magaan ang daloy ng usapan at maiwasan ang hindi pagkakaintindihan<br>2. Alin sa mga sumusunod ang pinakamabisang halimbawa ng di-berbal na komunikasyon sa pagpapakita ng galang sa kausap?<br>A. Pagtango habang nakikinig<br>B. Pagsigaw kapag hindi sang-ayon<br>C. Pagtalikod habang nagsasalita ang kausap<br>D. Pagsulyap sa cellphone habang may kausap<br>3. Paano nakatutulong ang wika sa pagbuo ng mahusay na ugnayan sa personal at interpersonal na komunikasyon?<br>A. Nakakatulong ito sa pagpapahayag ng emosyon.<br>B. Nagagamit ito para maipahayag ang opinyon sa klarong paraan.<br>C. Nagbibigay ito ng pagkakataong maipilit ang pananaw ukol sa isang usapin.<br>D. Nagagamit ito upang makabuo ng mainit na argumento sa isang paksa o isyu.<br>4. Sa isang pampublikong komunikasyon, ano ang dapat isaalang-alang upang maging epektibo ang mensaheng nais iparating?<br>A. Magpatawa kahit wala sa lugar ang biro.<br>B. Gamitin ang mataas na tono sa pagsasalita.<br>C. Pumili ng wikang angkop at madaling maintindihan. ✓<br>D. Gumamit ng mga teknikal na salitang hindi pamilyar.<br>5. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapakita ng paggamit ng intrapersonal na komunikasyon?<br>A. Pakikipag-usap sa guro. | ***Susing Sagot:***<br>*1.D*<br>*2.A*<br>*3.B*<br>*4.C*<br>*5.D*<br><br>*Para sa Opsiyon 2: Community Interview*<br>***Pagsasagawa:*** Magtatalaga ng simpleng panayam ang mga mag-aaral sa isang tao sa kanilang komunidad (e.g. barangay tanod, tindera, guro, magulang) upang alamin kung paano nila ginagamit ang berbal at di-berbal na komunikasyon sa kanilang tungkulin.<br>Ipapakita nila ang natutuhan sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga insight at paghahalintulad sa kanilang napag-aralan. |

| | | |
|---|---|---|
| | C. Pakikinig sa pahayag ng kaklase.<br>D. Pagtatalo tungkol sa ideya sa klase.<br>B. Pag-iisip nang tahimik bago magdesisyon.<br><br>***Opsiyon 2: Community Interview / Survey***<br>***Gawain ng mga Mag-aaral:*** Gumawa ng simpleng panayam ang mga mag-aaral sa isang tao sa kanilang komunidad (e.g. barangay tanod, tindera, guro, magulang) upang alamin kung paano nila ginagamit ang berbal at di-berbal na komunikasyon sa kanilang tungkulin.Ipapakita niyo ang natutuhan sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga insight at paghahalintulad sa kanilang napag-aralan. | |
| **II. PAGNINILAY**<br><br>*(Mungkahi at Komento para sa Patuloy na Pagpapahusay)* | **Mga Tanong sa Pagninilay ng Guro:**<br><br>A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya __________<br>B.Bilang ng mag-aaral na nangangailanagan ng iba pang Gawain para sa remediation __________________________<br>C. Nakakatulong ba ang remedial? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin<br>___________________________________________________<br>D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation<br>_________________________________________________________<br>E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?___________________________________________<br>F. Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?_______________________________<br>G. Anong kagamitan ang aking nadibuho na nais kong ibahagi | |

| | | |
|---|---|---|
| | sa mga kapwa ko guro?_______________________________________<br>H. Lagyan ng tsek (√) kung nakamit ang mga kasanayang pampagkatuto:<br>**Natutukoy kung paano ginagamit nang may layunin ang wika at tono sa pagtalakay ng iba't ibang personal at interpersonal na paksa.**<br>___a.Nakikilala ang kahulugan, kahalagahan at kalikasan ng wika;<br>___b.Naiisa-isa ang kahalagahan ng wika sa pagkakaroon ng mahusay na komunikasyon sa kapwa; at<br>___c.Napapahalagahan ang wika sa pamamagitan ng tamang paggamit nang may layunin ang wika at tono.<br><br>**Nakagagamit ng angkop na wika, tono, at estruktura ayon sa awdiyens, layon, at konteksto sa pagtalakay ng iba't ibang personal at interpersonal na paksa.**<br>___a . Natutukoy ang iba't ibang antas ng komunikasyon;<br>___b. Nailalahad ang mga dapat isaalang-alang sa epektibong komunikasyon; at<br>___c. Napipili ang angkop na mga salita at paraan ng paggamit nito sa mga usapan, talakayan, batay sa antas ng komunikasyon.<br><br>**Nakagagamit ng angkop na di-berbal na mga estratehiya upang mapahusay ang kalidad ng komunikasyong personal at Interpersonal.**<br>___a.Natutukoy ang iba't ibang uri ng di-berbal na komunikasyon (kinesika, ekspresyon ng mukha, kumpas, proxemics, eye contact, atbp.) at ang gamit ng mga ito sa personal at interpersonal na konteksto;<br>___b. Nasusuri ang epekto ng di-angkop na di-berbal na kilos o ekspresyon sa pag-unawa ng mensahe sa isang personal o interpersonal na interaksyon;at<br>___c. Naipapamalas ang kasanayan sa mabisang/epektibong komunikasyon sa pagpapahayag ng damdamin at saloobin. | |